

# KAALAMAN TUNGKOL SA HEPATITIS

## TUNGKOL DITO

Ang hepatitis ay ang pamamaga ng atay. Ang pamamaga at pagkasira ng atay ay puwedeng makaapekto sa paggana nito.

May limang iba't ibang uri ng mga virus na puwedeng magdulot ng hepatitis. Ang mga pinakakaraniwan sa mga uring ito ng viral hepatitis sa Estados Unidos ay ang hepatitis A, hepatitis B, at hepatitis C.

## MGA PANGUNAHING KAALAMAN

**Hepatitis A:** Humigit-kumulang 24,900 bagong pagkakasakit kada taon.

**Hepatitis B:** 1 sa 12 Asian American at Native Hawaiian/ Pacific Islander (AA at NH/ PI) ang may hepatitis B. Hindi alam ng humigit-kumulang 2 sa 3 AA at NH/PI na may hepatitis B na may sakit sila.

**Hepatitis C:** Hindi alam ng humigit-kumulang 50% ng mga taong may hepatitis C na may sakit sila.

## MGA SENYALES AT SINTOMAS

Puwedeng kasama sa mga sintomas ng hepatitis ang: lagnat, pagkapagod, kawalan ng ganang kumain, pagkaduwal, pagsusuka, pananakit ng tiyan, malabong ihi, mapusyaw na dumi, pananakit ng kasu-kasuan, at paninilaw ng balat.

Puwedeng lumabas ang mga sintomas mula 2 linggo hanggang 6 na buwan kapag acute ang pagkakasakit, o puwedeng umabot nang ilang dekada bago lumabas ang mga sintomas kapag chronic ang viral hepatitis. Gayunpaman, marami sa mga may hepatitis ay walang sintomas at hindi alam na may sakit sila.

## PAGHAWA

**Hepatitis A:** Malapitang pakikipag-ugnayan sa taong may sakit.

Seksuwal na contact sa taong may sakit.

Pagkain o pag-inom ng kontaminadong pagkain o inumin.

**Hepatitis B:** Seksuwal na contact sa taong may sakit.

Contact sa dugo ng taong may sakit.

Paggamit ng karayom o hiringgilya mula sa taong may sakit.

**Hepatitis C:** Contact sa dugo ng taong may sakit.

## PAG-IWAS

May mga bakuna para sa hepatitis A at B.

Gayunpaman, walang bakuna para sa hepatitis C.

Pagpapa-test lang ang tanging paraan para malaman kung mayroon kang hepatitis A, hepatitis B, o hepatitis C.

## MGA RESOURCE

Para humanap ng hepatitis testing center o mga provider ng bakuna para sa hepatitis A o B, puntahan ang [HHS.gov](https://www.hhs.gov) at [HepBUnited.org](https://www.hepbunited.org).